# Citizenship at legal na karapatan para magtrabaho

Bilang kundisyon ng pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa unemployment insurance, iniaatas ng mga regulasyon ng pederal na pamahalaan na ang bawat claimant ay maglahad, nang napapailalim sa parusa ng perjury, kung siya ay citizen o national ng Estados Unidos. Ang isang indibidwal na hindi citizen o national ng Estados Unidos ay dapat magpakita ng dokumentasyon ng pagpaparehistro bilang alien para maberipika na siya ay awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos.

Ibeberipika ng Departamento ng Seguridad sa Trabaho (Employment Security Department, ESD) ang immigration status ng isang indibidwal sa pamamagitan ng interface ng Systematic Alien Verification for Entitlements (SAVE). Ang SAVE program ay pinapangasiwaan ng Mga Serbisyo sa Citizenship at Immigration ng Estados Unidos (U.S. Citizenship and Immigration Services, USCIS).

**Kung hindi ako Citizen ng Estados Unidos, puwede ba akong mag-apply para sa mga benepisyo sa unemployment?**

Oo, ang mga hindi citizen o national ng United States ay puwedeng mag-apply para sa mga benepisyo sa unemployment. Dapat mong ibigay ang iyong dokumentasyon ng pagpaparehistro bilang alien para maberipika ng departmento ang iyong status sa immigration. Ang dokumentasyong ito ay karaniwang ibinibigay sa oras ng pag-apply. Kung hindi mo maibibigay ang impormasyong ito sa proseso ng aplikasyon, hihilingin sa iyo na magbigay ng dokumentasyon pagkatapos.

**Ano ang itatanong sa akin sa proseso ng aplikasyon?**

Kung napatunayan mong hindi ka citizen ng Estados Unidos o American National, itatanong sa iyo ang sumusunod:

- Ikaw ba ay legal na may karapatang magtrabaho sa Estados Unidos sa nakalipas na 24 na buwan? At,
- Ano ang pinakakamakailang dokumento sa immigration na mayroon ka?
    - I-327 Permit sa Muling Pagpasok (Reentry Permit)
    - I-551 Card ng Permanenteng Residente (Permanent Resident Card)
    - I-571 Dokumento sa Pagbiyahe ng Refugee (Refugee Travel Document)
    - I-766 Card sa Pahintulot sa Pagtatrabaho (Employment Authorization Card)
    - I-94 Rekord sa Pagdating/Pag-alis (Arrival/Departure Record)

- I-94 Rekord sa Pagdating/Pag-alis (Arrival/Departure Record) sa Hindi pa Nag-expire na Foreign na Pasaporte (Foreign Passport)
- Visa ng Immigrant (Immigrant Visa)
- Pansamantalang Stamp sa I-551 (sa pasaporte o I-94)

**Mayroon akong I-94 Arrival/Departure Record sa Hindi pa Nag-expire na Foreign Passport. Ano ang kinakailangan kong ilagay?**

Kung mayroon kang I-94 Arrival/Departure Record sa Hindi pa Nag-expire na Foreign Passport, kailangan mong ilagay ang sumusunod:

- Numero ng iyong pasaporte,
- Numero ng iyong I-94, at
- Petsa ng pag-expire.

**Mayroon akong I-94 Arrival/Departure Record sa hindi pa nag-expire na foreign passport pero wala itong petsa ng pag-expire. Ano ang ilalagay ko?**

Kung mayroon kang dokumento sa immigration na I-94 Arrival/Departure Record sa isang Hindi pa Nag-expire na Foreign Passport, pero wala itong petsa ng pag-expire dahil ang panahon ng pagtanggap sa iyo ay naselyuhan ng Departamento ng Pampamayanang Seguridad (Department of Homeland Security) bilang tagal ng pananatili (Duration of Stay, D/S), puwede mong ibigay ang petsa ng paggawa ng I-94 o ang petsa ng pagpasok, sa halip na ang petsa ng pag-expire.

Kung mayroon ka pa ring may bisang pasaporte, puwede mong ilagay ang petsa ng pag-expire ng iyong pasaporte.

Ang gabay na ito ay ibinigay ng Departamento ng Pampamayanang Seguridad.

**Ano ang gagawin ko kung wala akong I-94?**

Kung wala kang kopya ng iyong I-94 puwede mong bisitahin ang Departamento ng Pampamayanang Seguridad para makakuha ng electronic na kopya rito.

Kung hindi ka maka-access ng electronic na kopya ng iyong I-94, puwede kang humiling ng kopya rito.

**Isa akong undocumented na manggagawa. Kwalipikado ba ako para sa mga benepisyo?**

Dapat ay mayroon kang pahintulot na magtrabaho sa Estados Unidos para maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa unemployment at pinalawak na benepisyo sa unemployment alinsunod sa Batas sa Tulong, Ayuda, at Seguridad sa Ekonomiya sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security, CARES) ng pederal na pamahalaan. Gayunpaman, hindi namin isinasaalang-alang ang status sa immigration kapag nagsasaalang-alang ng pagiging kwalipikado para sa programang Bayad na Leave para sa Pamilya at Medikal na Layunin (Paid Family and Medical Leave) ng estado. Kaya, kung mayroon kang malubhang karamdaman o nag-aalaga ng taong may malubhang karamdaman, posibleng makatulong ang programang ito. Matuto pa sa paidleave.wa.gov o tometiempo.org.

**Alinsunod sa mga bagong panuntunan sa public charge, posible bang magkaproblema ang aking pagiging karapat-dapat sa pag-apply para sa green card o citizenship kung makakatanggap ako ng mga benepisyo sa unemployment o Bayad na Leave para sa Pamilya/Medikal na Layunin?**

Hindi. Ang mga benepisyo sa Unemployment Insurance at Bayad na Leave para sa Pamilya at Medikal na Layunin ay hindi kasama sa pagpapasya sa public charge.

Ang Employment Security Department ay isang employer/programa na may pantay na oportunidad. Available ang mga karagdagang tulong at serbisyo sa mga indibidwal na may mga kapansanan kung hihilingin. Available nang libre ang mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles. Serbisyo sa Paghahatid ng Washington (Washington Relay Service): 711